



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT

Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 1 ng 8

1. PANGKALAHATANG PATAKARAN AT AWTORISASYON.

- A. **LAYUNIN.** Ang patakarang ito ay nagdedetalye ng mga patakaran at pamamaraan ng Oakdale Irrigation District (ang Distrito) sa pangangasiwa ng mga delingkwenteng residensyal na account, kasama ang patungkol sa mga paunawa, pagpapataw ng mga karagdagang singil, at pagtigil at pagpapanumbalik ng serbisyo. Ang patakarang ito makukuha ng publiko sa website ng Distrito. Ang mga kostumer na nagnanais na makipag-usap tungkol sa mga alternatibong paraan ng pagbabayad upang maiwasan ang pagtigil ng residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad ayon sa mga tuntunin ng patakarang ito ay maaaring makipag-ugnay sa Distrito sa telepono (209) 847-0341.
- B. **BATAS SA PAGPAPATUPAD.** Alinsunod sa California Water Code, Seksyon 22280, ang Distrito ay may karapatang magsaayos at mangolekta ng mga singil para sa residensyal na serbisyo ng tubig. Mula Abril 1, 2020, ang Distrito ay masasakop ng mandato ng Senate Bill 998 ("SB 998," na kilala rin bilang Water Shutoff Protection Act, isang code na kasalukuyan nang ipinatutupad sa ilalim ng Health and Safety Code §§ 116900, et seq.). Ang SB 998 ay nagtatalaga ng mga pamamaraang dapat sundin bago putulin ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa delingkwenteng pagbabayad.
- C. **MGA WIKANG NAKALATHALA.** Ang patakarang ito at mga nakasulat na paunawang maaring ipalabas kaugnay ng patakarang ito ay malalathala at mababasa sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Civil Code Seksyon 1632, at iba pang wikang ginagamit ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga taong nakatira sa mga lugar na pinagseserbisyuhan ng Distrito.

2. DELINGKWENTENG PAGBABAYAD; LATE FEE AT SINGIL PARA SA BUMALIK NA TSEKE.

- A. Ang lahat ng halagang nakasaad sa bawat buwanang bill ng tubig ay nakatakda at dapat bayaran pagkatanggap nito.
- B. Ang isang account ay nagiging delingkwente kapag, sa katapusan ng billing cycle kung kailan ipinadala ang bill, ang bahagi o kabuuang halaga ng singil ay hindi nabayaran at walang pakikipag-ayos o alternatibong iskedyul ng pagbabayad na naitalaga.
- C. Ang late fee o singil sa huling pagbabayad ay ipapataw kung ang account ay mananatiling delingkwente nang 15 araw.



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT

Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 2 ng 8

- D. Kung ang tseke ng kostumer ay ibinalik ng institusyong pampinansyal sa dahilan na, ngunit hindi limitado sa, walang sapat na pondo, magpapataw ng dagdag na singil sa returned check at ang account ay ituturing na hindi bayad. Kung ang ibinalik na tseke ay kabayang ginawa sa loob ng 48 oras bago ang itinakdang petsa ng pagputol ng serbisyo, magkaloob ang Distrito ng hindi bababa sa 48 oras na paunawa bago ihinto ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Ang nasabing paunawa ay ipaaabot sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng isang personal na pagbisita ng isang kinatawan ng Distrito. Ang lahat ng halaga upang tubusin ang bumalik na tseke at ang singil sa bumalik na tseke ay dapat bayaran ng cash, credit card, o sertipikadong pondo.

3. PAGPUTOL NG SERBISYO DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD NG MGA DELINGKWENTENG ACCOUNT

- A. Hindi puputulin ng Distrito ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad habang ang pagkadelingkwente ng isang account ay hindi lumalampas sa 60 araw.
- B. Ang Distrito ay gagawa ng makatwirang pagsisikap na makipag-ugnay sa kostumer nang hindi bababa sa pitong araw ng trabaho bago itigil ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.
- C. Hindi bababa sa pitong araw ng trabaho bago itigil ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, ipapadala ng Distrito ang nakasulat na paunawa sa kostumer sa pamamagitan ng koreo tungkol sa delingkwenteng bayad at ang napinpintong pagtigil ng serbisyo sa pinagseserbisyuhang lugar. Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng property na pinagseserbisyuhan, ang paunawa ay ipapadala din sa address ng property kung saan ang serbisyong residensyal ay ibinibigay, na naka address sa "Occupant". Ang paunawa ay maglalaman ng mga sumusunod:
- Pangalan at address ng kostumer na nasa talaan;
 - Ang halaga ng delingkuwensya;
 - Ang petsa kung kailan ang bayad o ang dapat bayaran ay dapat maibigay upang maiwasan ang pagtigil ang serbisyo.;
 - Ang paraan kung paano makakahiling ang kostumer ng pagpapahaba ng panahon ng pagbabayad ng delingkwenteng singil, mag-apela sa mga singil o kaya ay humiling ng



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT

Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 3 ng 8

pagpapaliban, pagbaba ng halagang babayaran, amortisasyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad; at

- Ang numero ng telepono na maaring tawagan ng kostumer upang humingi ng alternatibong paraan ng pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Distrito, at makuha ang web link kung saan nakasulat ang patakaran tungkol dito.

Bago ang pagtigil ng serbisyo, sisikapin ng Distrito na bisitahin ang tirahan ng kostumer at mag-iwan ng pangwakas na paunawa ukol sa patigil ng serbisyo ng tubig sa susunod na 48 ng oras dahil sa hindi pagbabayad.

D. Kung ang nakasulat na paunawang ipinadala sa koreo ay bumalik o hindi nadeliber, sisikapin ng Distrito, na hindi bababa sa 48 na oras bago itigil ang serbisyo, na maipalam sa kostumer o sa sino mang may sapat na gulang na naninirahan sa lugar ang isasagawang pagtigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Maaari ring tawagan sa telepono o magpadala ng kinatawan ang Distrito upang mag-iwan ng paunawa sa isang hayag na lugar sa tirahan ng kostumer ukol sa nalalapat na pagputol ng serbisyo ng tubig.

- E. Kapag ang pakikipag-ugnay ay sa pamamagitan ng telepono, aalukin ng Distrito ang kostumer ng kopya ng patakaran tungkol sa pagtigil ng residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, at mag-aalok din na pag-usapan ang iba't-ibang paraan upang hindi maputulan ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, kasama na dito ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, deferred payments, minimum payments, paraan ng paghingi ng amortisasyon para sa hindi mabayarang balanse at petisyon sa pagrerebisa ng babayaran at pag-apela
- F. Deadline sa Pagputol ng Serbisyo. Ang pagbabayad ng delingkwenteng singil sa serbisyo ng tubig ay hindi ituturing na huli kung ito ay matatanggap ng Distrito bago mag 5:00 p.m. sa petsa ng huling pagbabayad na nakasaad sa paunawa sa pagtigil ng serbisyo.

4. ANG KARAPATAN NG KOSTUMER NA I-APELA ANG SINGIL SA RESIDENSAL NA SERBISYO NG TUBIG.

A. Kailan Maaaring Magreklamo o Humiling ng isang Pagsisiyasat. Ang sinumang kostumer ay maaaring magkontesta tungkol sa mga halagang sinisingil sa residensyal na serbisyo ng tubig anumang oras bago ang takdang petsa na kailangan itong bayaran. Ang anumang pagkontesta ay maaaring simulan sa pamamagitan ng pagsumite ng isang reklamo o kahilingan



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 4 ng 8

para sa pagsisiyasat ng Distrito na nakasulat o sa telepono sa panahon ng regular na oras ng trabaho. Ang pangwakas na apela sa mga singil at mga late fees ay pagpapasyahan ng Board sa isang pulong na bukas sa publiko. Maaring magrebisa ang Distrito, ayon sa kanyang diskresyon, ng mga hindi napapanahong reklamo o kahilingan para sa mga pagsisiyasat; gayunpaman, ang ganitong mga reklamo ay hindi maaaring i-apela sa Board of Directors ng Distrito.

- B. Pagsusuri ng Distrito. Pagkatanggap ng isang nakasulat na reklamo o kahilingan para sa pagsisiyasat, susuriin ng Chief Financial Officer ang reklamo at/o magsasagawa ng isang karapat-dapat na pagsisiyasat ayon sa diskresyon ng Chief Financial Officer. Isasama sa pagsusuri ng Chief Financial Officer ang pagsasaalang-alang kung ang Distrito ay maaaring magbigay ng isang ekstensyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad at/o pag-alis ng sinisingil na multa. Sa panahon ng pagsusuri at/o pagsisiyasat, iaantala ng Distrito ang petsa ng pagbabayad ng kustomer upang maiwasan ang pagpapataw ng mga late fees. Gayunpaman, ang kustomer ay hindi bibigyan ng 60 araw na ekstensyon sa pagbabayad na ibinigay sa ilalim ng Seksyon 3 (A) sa itaas. Kung saan posible, ang pagsisiyasat ay dapat makumpleto, at ang kustomer ay bibigyan ng paunawa tungkol sa desisyon ng Chief Financial Officer, sa loob ng 10 araw mula sa pagtanggap ng nakasulat na reklamo o kahilingan.
- C. Resulta. Kung, kasunod ng pagsusuri at / o pagsisiyasat, ang Chief Financial Officer ay magpasiyang ang singil ay mali, ang pagsasaayos ay dapat mailapat sa account ng Kustomer. Kung tama ang singil, ang balanse ng bill ay dapat mabayaran sa loob ng 10 araw matapos na maipagbigay-alam sa kustomer ang desisyon ng Chief Financial Officer. Walang isinasaad sa patakarang ito na alisan ng obligasyon ang kustomer na magbayad ng mga sumusunod na bill na dapat mabayaran bago matapos ang imbestigasyon. Kung nais iapela ng kustomer ang mga sumusunod na bill, responsibilidad ng kustomer na ipaalam ito sa Distrito.
- D. Apela sa Board of Directors. Kung ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyon ng sinomang kustomer sa ilalim ng seksyong ito ay nagresulta sa isang desisyong hindi katanggap-tanggap sa kustomer, maaari niyang i-apela ang desisyon sa Board of Directors ng Distrito sa pamamagitan ng pagsusumite ng paunawa ng apela sa Sekretarya ng Distrito sa pamamagitan isang sulat sa 1205 East F Street, Oakdale, CA 95361 o gamit ang telepono sa 209-847-0341 sa loob ng sampung (10) araw mula sa pagpapadala sa koreo ng desisyon ng Distrito. Sa pagtanggap ng apela, ang Sekretarya ng Distrito ay magtatakda ng pagdinig sa apela sa darating na pagpupulong ng Board at susulatan ang kustomer gamit ang koreo ng paunawa hinggil sa petsa, oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT

Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 5 ng 8

ang pagpupulong. Ang desisyon ng Board ay pinal. Ang kabayaran sa anumang balanse ng bill na natitira kasunod ng desisyon ng Board ay dapat bayaran sampung (10) araw matapos masabihan ang kostumer ng desisyon ng Board.

- E. Hindi Ititigil ang Serbisyo Habang ang Apela ay Nakabinbin. Hindi ititigil ng Distrito ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad habang ang apela ay nakabinbin.

5. KAILAN HINDI PUPUTULIN ANG RESIDENSIAL NA SERBISYO NG TUBIG.

- A. Hindi puputulin ng Distrito ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng kondisyong sumusunod ay matutugunan:
1. Ang kostumer, o ang umuupa sa kostumer, ay nagsumite sa Distrito ng sertipikasyon mula sa isang “primary care provider”, na tinutukoy sa Welfare & Institutions Code section 14088(b)(1)(A), na ang pagtigil ng residensyal na serbisyo ng tubig ay magdudulot ng banta sa buhay, malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente kung saan ang residensyal na serbisyo ng tubig ay ipinagkakaloob.
 2. Ang kostumer ay nakapagpakita na siya ay walang kakayanang pinansyal na magbayad ng residensyal na serbisyo ng tubig sa loob ng normal na billing cycle ng Distrito. Ang kostumer ay ituturing na walang kakayanang pinansyal na magbayad ng residensyal na serbisyo ng tubig sa loob ng billing cycle ng Distrito kung ang isang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ang kostumer ay nagdeklara na ang taunang kita ng kaniyang sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng federal poverty level.
 3. Ang kostumer ay handang pumasok sa isang kasunduang hulugang pagbabayad, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o planong pagpapaliban o pagpapababa ng bayad alang-alang sa lahat ng delingkwenteng singil.
- B. Kung ang lahat ng kondisyon sa itaas ay matutugunan, ang Distrito ay mag-aalok sa kostumer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na pamamaraan:



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT

Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 6 ng 8

1. Amortisasyon (pagbabayd ng hulugan) ng hindi pa bayad na balanse sa loob ng panahong hindi hihigit sa 12 buwan mula sa araw kung kailan ang bayad ay dapat bayaran;
2. Paglahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad;
3. Bahagi o buong pagbawas ng hindi bayad na balanse na pinondohan na walang isasabalikat na karagdagang singil sa ibang ratepayers; at/o
4. Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

C. Ang Chief Financial Officer ay awtorisadong pumili ng paraan ng pagbabayad kung saan maaaring sumailalim ang kostumer at magtakda ng mga parameter nito sa kondisyong ang pagbabayad ng lahat ng natitirang babayaran ay matatapos sa loob ng 12 buwan. Sa ilalim ng limitadong mga pangyayari at sa mag-isang pagpapasya ng Chief Financial Officer, ang Distrito ay maaaring magbigay ng mas mahabang panahon ng pagbabayad kung napag-alamang ang mas matagal na panahon ay kinakailangan upang maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap ng kostumer batay sa mga kalagayan ng indibidwal na kaso.

D. Maaaring itigil ang residensyal na serbisyo ng tubig nang hindi aaga sa pitong (7) araw ng trabaho matapos maglagay ang Distrito ng paunawa ng intensyong pagtigil ng serbisyo sa isang hayag na lugar sa property sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari:

1. Hindi nakasunod ang kostumer sa kasunduang hulugang pagbabayad, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o ang planong pagpapaliban o pagpapababa ng bayad para sa delingkwenteng babayaran nang animnapung (60) araw o higit pa; o
2. Habang isinasagawa ang kasunduan sa hulugang pagbabayad, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o ang planong pagpapaliban o pagpapababa ng bayad para sa mga delingkwenteng babayaran, ang kostumer ay hindi nagbayad ng kanyang kasalukuyang singil sa serbisyo ng tubig nang animnapung (60) araw o higit pa.

6. PAGBABALIK NG RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG.

- A. Kung itinigil ng Distrito ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, bibigyan nito ang kostumer ng impormasyon kung paano maibabalik ang serbisyo ng tubig,



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 7 ng 8

kasama ang pagbabayad ng singil sa pagbabalik ng serbisyo. Kasunod ng pagbabayad ng lahat ng babayaran, sisikapin ng Distrito na ibalik ang serbisyo sa lalong madaling panahon at hindi lalampas sa pagsasara ng negosyo sa susunod na araw ng trabaho. Hindi dapat pakialaman ng kostumer ang kagamitan na pag-aari ng Distrito sa pagnanais na makakuha ng residensyal na serbisyo ng tubig. Anumang hindi awtorisadong pakikialam ay maaaring magresulta sa pagpataw ng multa o singil. Anumang pinsala na resulta ng hindi awtorisadong pakikialam ay responsibilidad ng kostumer.

- B. Sa mga residensyal na kostumer na magpapakita sa Distrito na ang kita ng kaniyang sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng federal poverty line, ang singil sa pagbabalik ng serbisyo ay nakasaad sa ibaba. Simula Enero 1, 2121, ang mga sumusunod ay mapapailalim sa taunang adjustment ayon sa pagbabago sa Consumer Price Index.
1. Sa pagbabalik ng serbisyo sa loob ng normal na oras ng trabaho, hindi hihigit sa \$50 o ang aktwal na gastos sa pagbabalik ng serbisyo, alin man ang mas mababang halaga.
 2. Sa pagbabalik ng serbisyo sa labas ng normal na oras ng trabaho, hindi hihigit sa \$150 o ang aktwal na gastos sa pagbabalik ng serbisyo, alin man ang mas mababang halaga.
- C. Ang isang residensyal na kostumer na makapagpapakita sa Distrito na ang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng federal poverty line ay may karapatang matanggalan ng singil na interes sa mga delingkwenteng bills minsan sa loob ng 12 buwan.
- D. Ituturing ng Distrito ang isang residensyal na kostumer na may pansambahayang kita na mababa sa 200 porsyento sa federal poverty line kung ang isa sa mga miyembro ng sambahayan ay nakakatanggap ng benepisyo mula sa CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o nagdeklara ang kostumer na ang kabuuang taunang kita ng kaniyang sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng federal poverty level.
- E. Ibinalik na Tseke Para sa Dating Itinigil na Serbisyo. Sa mga pagkakataong and ibinayad na tseke ng kostumer para ibalik ang pinutol na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad ay tumalbog, kaagad ititigil ng Distrito ang serbisyo nang walang paunawa. Hindi magbibigay ng 48-hour na paunawa sa pagtigil ng serbisyo sa mga kasong tumalbog na tseke ang ginamit na



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT

Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 8 ng 8

pambayad sa mga singil sa pinutol na serbisyo ng tubig. Sinumang kostumer na magbayad gamit ang tumalbog na tseke upang ibalik ang serbisyong naitigil dahil sa hindi pagbabayad ay kailanganing magbayad gamit ang cash, credit card, o sertipikadong pondo upang ibalik ang serbisyo sa mga susunod na pagtigil ng serbisyo sa loob ng 12 buwan simula sa petsang ang bayad ay ibinalik.

7. SERBISYO SA UGNAYANG LANDLORD-TENANT.

- A. Kung ang Distrito ay nagbibigay ng kanya-kanyang metro sa bawat residensyal na serbisyo ng tubig sa mga residente ng detached single-family dwelling, sa multi-unit na residensyal structure, o sa parke ng mobile home, at ang nagmamayari, o ang tagapamahala, o ang nagpapatakbo ng mga tirahan, structure, o parke ay ang nakatalang kostumer, at ang account ay naging delingkwente, ang Distrito ay gagawa ng makatuwirang pagsisikap na ipagbigay-alam sa mga residente sa pamamagitan ng liham na ititigil ang serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ito itigil. Kasama sa liham ang impormasyon para sa residente na mayroon silang karapatang maging kostumer na kung kanino sisingilin ang serbisyo ngunit hindi nila kailangang bayaran ang mga nakaraang pagkakautang ng delingkwenteng account.

Kung ang sulat tungkol sa pagputol ng serbisyo ay bumalik gamit ang koreo dahil “undeliverable”, ang Distrito ay gagawa ng makatuwirang pagsisikap na bisitahin ang tirahan at mag-iwan ng paunawa ng pagtigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

- B. Ang Distrito ay hindi obligadong magkaloob ng serbisyo ng tubig sa mga naninirahan sa detached single-family dwelling, sa multi-unit na residensyal structure, sa parke ng mobilehome maliban na lamang kung ang isang residente sa bawat okupadong unit ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at nakakatugon sa mga pangangailangan ng batas at ng mga panuntunan ng Distrito. Subalit, kung isa o higit pa sa mga residente ay may kagustuhan at kakayahang akuin ang responsibilidad sa mga susunod na singil sa account na katanggap-tanggap sa Distrito, o mayroong pisikal na pamamaraan na ligal na magagamit ng Distrito upang itigil ang serbisyo sa mga residente lamang na hindi makakatugon sa mga pangangailangan ng Distrito, ipagkakaloob ng Distrito ang serbisyo sa mga residenteng nakatugon sa mga pangangailangang nabanggit.



OAKDALE IRRIGATION DISTRICT Iba't-Ibang Patakaran at Pamamaraan

<i>Titulo</i> 1 – PANANALAPI	<i>Kabanata</i> 4 – Sistema ng Tubig sa Kanayunan	<i>Seksyon</i> 4.102 Koleksyon at Serbisyo Patakaran sa Pagputol ng Delingkwenteng Residensyal Na Account sa Sistema ng Tubig sa Kanayunan
Pinagtibay:	Nirebisa:	Pahina 9 ng 8

8. **MGA KINAKAILANGAN SA PAG-REREPORT.** Ang Distrito ay taunang mag-uulat sa website at sa State Water Resources Control Board ng bilang ng mga itinigil na serbisyong residensyal dahil sa kawalan ng kakayanang magbayad.
9. **MGA LIMITASYON NG PATAKARANG ITO.** Wala sa patakarang ito ang nagbabawal, naglilimita o nagpipigil sa kakayanan ng Distrito na itigil ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi awtorisadong aksyon ng kostumer.